MGA PAMANTAYAN PARA SA TRABAHO

Upang masiguro na ang mga empleyado ay trinatrato nang makatarungan, nagtatag ang pederal at pangprobinsiyang pamahalaan ng mga pamantayan sa trabaho para sa:

- pinakamababang sahod
- mga taunang bakasyon at ibang mga uri ng leave
- mga piyesta opisyal
- oras ng pagtrabaho, kasama ang mga karaniwang oras ng trabaho, overtime at mga pangangailangan kapag may emergency

Kung ang iyong negosyo ay nasa isang pederal na kontroladong industriya, kailangan mo tumupad sa mga pederal na pamantayan sa trabaho. Kabilang sa mga sektor ng industriya na pederal na regulado ang:

- mga bangko
- marine shipping, ferry at port services
- air transportation, kabilang ang mga airport, aerodrome, at airlines
- railway at road transportation kung saan kasama ang pagtawid ng mga border ng probinsiya o international borders
- mga canal, mga pipeline, mga tunnel at mga tulay (ang pagtawid sa mga border ng probinsiya)
- telepono, telegraph at cable systems
- radio at TV broadcasting
- grain elevators, feed at seed mills
- pagmina at pagproseso ng uranium
- mga negosyo na may kinalaman sa pagprotekta ng pangingisda bilang isang natural resource
- maraming mga aktibidad ng First Nation
- ang karamihan ng federal crown corporations
- mga pribadong negosyo na kinakailangan sa pagsasagawa ng isang pederal na batas

Kung ang iyong negosyo ay wala sa isa sa mga sektor na ito, dapat kang sumunod sa mga pamantayan sa trabaho sa probinsiya o teritoryo.

Kung ang iyong mga empleyado ay may unyon, maaaring may mga karagdagang pamantayan sa kanilang collective agreement

Acclr, par le biais de son service d'intelligence d'affaires, reçoit le soutien financier de Développement économique Canada pour les régions du Québec et est membre du Réseau Entreprises Canada.

Acclr, through its business intelligence department, receives financial support from Canada Economic Development for Quebec Regions and is a member of the Canada Business Network.

Développement économique Canada pour les régions du Québec
Canada Economic Development for Quebec Regions

ANG MGA SUWELDO AT PAYROLL

Bilang tagapag-empleyo, kinakailangan mong ibayad sa iyong mga empleyado ang kahit man lamang minimum wage na itinatag para sa probinsiya o teritoryo. Para sa karamihan ng mga trabaho, may umaaplay na minimum wage para sa isang oras; gayunman, may ilang mga eksepsiyon para sa mga batang manggagawa at mga taong nasa mga ispesipikong trabaho. Kapag binabayaran ang iyong mga empleyado, kakailanganin mo ring ibawas ang taxes at iba pang mga kaltas at i-remit ang mga ito sa gobyerno.

MGA ORAS NG TRABAHO AT OVERTIME

Mayroong mga pamantayan sa probinsiya at teritoryo na nagtatakda sa bilang ng mga oras na maaaring hilingin sa isang empleyado na magtrabaho bawat araw at bawat linggo. Itinatakda rin ng mga pamantayan sa mga oras ng trabaho ang mga patakaran tungkol sa mga bagay tulad ng mga break para kumain at magpahinga. Ang mga pamantayan na ito ay umaaplay sa karamihan ng mga empleyado at para sa karamihan ng mga sitwasyon. Gayunman, may ilang mga eksepsiyon at mga ispesipikong patakaran para sa overtime, mga emergency, at ilang mga propesyon o trabaho.

MGA PIYESTA OPISYAL

Sa karamihan ng mga kaso, kailangan mong bigyan ang iyong mga empleyado ng binayarang day off sa mga piyesta opisyal. Ang listahan ng mga piyesta opisyal at ang mga ispesipikong patakaran na umaaplay sa kanila ay nakatakda sa mga pamantayan sa trabaho ng probinsiya at ng teritoryo.

BAKASYON AT MGA IBA PANG URI NG PERSONAL LEAVE

Bilang isang tagapag-empleyo, kailangan mo rin sumunod sa mga pamantayan sa trabaho para sa probinsiya at teritoryo ukol sa personal leave. Ang mga uri ng leave at ang mga salitang ginagamit upang ilarawan ang mga ito ay nag-iiba-iba sa buong bansa, pero karaniwang kasama dito ang bakasyon, sick leave, leave kapag namatayan, at leave upang alagaan ang mga may sakit na kapamilya.

MATERNITY AT PARENTAL LEAVE

Ang lahat ng mga probinsiya at mga teritoryo sa Canada ay nagbibigay sa mga magulang ng karapatang mag-leave mula sa trabaho kapag sila'y naging mga magulang. Bukod pa sa kakayahang mag-time off, ang iyong mga empleyado ay maaaring kwalipikado para sa mga benepisyo sa pamamagitan ng Employment Insurance program.